

## **ANO PA ANG GAGAWIN NI CRISTO PARA SA MGA TAO.**

Kinakailangang pag-ukulan ng pansin ng lahat ang tungkol kay Cristo dahil sa mga bagay na gagawin pa Niya para sa mga tao. Babalik Siyang muli sa daigdig na puno ng kapangyarihan at kaluwalhatian, at Kanyang bubuhaying muli ang mga nangamatay na. Susundin ng lahat ang tinig ng Arkanghel at ang trumpeta ng Diyos. Ihahanda Niya ang Kanyang Luklukan ng Paghuhukom at pahaharapin ang lahat ng nilalang upang sila ay hatulan. Sa Kanya maninikluhod ang lahat, at ipapahayag na si Cristo ang Panginoon. Walang sinuman ang makakaiwas sa pagtitipong ito. Malapit nang dumating ang oras na iisang paksa na lamang ang magiging mahalaga, at ang paksang iyan ay si Cristo! Sinasabi ko na sa inyo, tayong lahat ay dapat pag-ukulan ng pansin si Cristo. Walang sinuman sa daigdig, maliban kay Cristo, ang may ganito kalaking halaga para sa ating mga nilalang. Kung noon ay hindi mo pa napag-iisipan, simulan mo na ngayong magkaroon ng tamang kaisipan at pagkakaunawa patungkol kay Cristo, Gumising ka na at tingnan mo na may halaga ang iyong kaluluwa, at ang kahalagahan ng pagkakaroon ng kaligtasan. Kunin mo ang iyong Biblia at simulan mo itong basahin.

Tumawag ka sa Panginoong Jesu-Cristo sa pamamagitan ng panalangin, at hilingin mo sa Kanya ang kaligtasan ng iyong kaluluwa.

### **Sinabi ni Jesus...**

"Sapagkat ano ba ang mapapala ng isang tao makamtan man niya ang buong daigdig, ngunit mapapahamak naman ang kanyang sarili?" Marcos 8:36 RTPV

### **PANALANGIN**

Ama naming nasa langit, alam ko po na ako ay nagkasala at nangangailangan ng Inyong kapatawaran. Naniniwala ako na namatay ang Inyong Anak na si Jesu-Cristo sa krus para sa akin. Nakahanda po akong magsisi at talikuran na ang aking mga kasalanan. Buong pananampalataya ko pong inaanyayahan ngayon ang Panginoong Jesus na pumasok sa aking puso at buhay bilang sarili kong Tagapagligtas. Nakahanda po ako ngayon, sa Inyong tulong at biyaya, na sumunod kay Jesus bilang Panginoon ng aking buhay. Amen.

Para sa karagdagang tulong pang-  
espirituwal o dagdag na sipi ng  
babasahing ito, maaaring sumulat  
sa:

SOWERS OF THE WORD  
MINISTRIES  
PO BOX 1074, Makati Central  
Post Office

# **ANO ANG PAGKAALAM NINYO TUNGKOL KAY CRISTO?**



Mateo 22:42 RTPV

“Ano ang pagkaalam ninyo tungkol sa Cristo? Kanino siyang anak?” “Kay David po,” sagot nila.

### **Bigyan natin ng pansin kung bakit kinakailangang pag-isipan ng lahat ang tungkol kay Cristo.**

Ito ay isang tanong na kinakailangang sagutin. Alam ko na marami ang nakahandang magsabi, “Bakit namin kailangang pag-ukulan ng pansin ang tungkol kay Cristo? Ang kailangan namin ay pagkain, inumin, salapi, mga damit, at mga bagay na makapagbibigay ng aliw. Wala kaming panahon para isipin ang tungkol kay Cristo.”

Ito ang laman ng usapan ng maraming tao sa bansang ito. Hindi sila kailanman dumadalo sa simbahan. Hindi nila kailanman binabasa ang kanilang mga Biblia. Ang sanlibutan ang kanilang diyos. Ngunit sa ayaw man o sa gusto nila, isang araw, lahat din sila ay pawang mamamatay. Ang lahat ay may kaluluwa na maaaring maparusahan o maligtas sa panahong darating. Ang lahat na nangamatay ay babangong muli mula sa libingan upang hatulan ng Diyos.

### **Ang papel na ginagampanan ni Cristo sa pagitan ng Diyos at ng mga tao.**

Kinakailangang isipin ng lahat ang tungkol kay Cristo sapagkat napakahalaga ng Kanyang ginagampanang papel sa pagitan ng Diyos at ng tao. Siya ang walang hanggang Anak ng Diyos at tanging sa pamamagitan lamang Niya maaaring makilala, malapitan, at mapaglingkuran ang Diyos Ama.

Siya ang hinirang na Tagapamagitan natin sa Diyos. Sa pamamagitan lamang Niya tayo muling magkakaroon ng maayos na ugnayan sa Diyos – pinatawad, pinawalang sala, at may kaligtasan mula sa walang hanggang kaparusahan.


Sa Kanya lamang may pag-asa ang sanlibutan upang magkaroon ng kaligtasan. “Ang sinumang pinapanahanan ng Anak ng Diyos ay mayroong buhay na walang hanggan, ngunit ang hindi pinapanahanan ng Anak ng Diyos ay hindi makakaranas ng buhay na walang hanggan.” 1 Juan 5:12 RTPV. Walang sinuman, nabubuhay man o pumanaw na, ang may ganito kalaking kahalaga sa sanlibutan, maliban kay Cristo.

Walang sinumang persona ang dapat pag-ukulan ng ganito kalaking pagpapahalaga maliban kay Cristo.

### **Ano ang ginawa ni Cristo para sa lahat ng tao.**

Kinakailangang pag-ukulan ng pansin ng lahat ang tungkol kay Cristo dahil sa Kanyang ginawa para sa sanlibutan. Nang maligaw ng landas ang tao, malubog sa espirital na pagkakalugmok, at mawalan ng pansariling lakas at kakayahan; si Cristo ang nagkusang bumaba at pumarito dito sa lupa upang iligtas ang mga makasalanang. Sa halip na tayo ang dapat tumanggap ng kaparusahan, Siya ang nagdusa sa krus para sa ating mga kasalanan. Siya ang nagbata ng kasalanan ng tao at nagbuhos ng Kanyang dugo upang maging kabayaran sa pagkakautang ng tao sa Diyos. Namatay Siya upang ang tao ay mabuhay.

Si Cristo ang tanging pinagmumulan ng liwanag, kapayapaan, at pag-asa. Hindi pa rin ba natin Siya dapat pag-ukulan ng pansin?



“Ang sinumang pinapanahanan ng Anak ng Diyos ay mayroong buhay na walang hanggan, ngunit ang hindi pinapanahanan ng Anak ng Diyos ay hindi makakaranas ng buhay na walang hanggan.”

1 Juan 5:12 RTPV